# Mga Aktibidad

## para sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin*

***Para sa home evening o pag-aaral ng mga banal na kasulatan—o para lang sa paglilibang!***



Pebrero 26–Marso 3

### Mga Templong Papel

PARA SA 2 NEPHI 11–19

Itinuro ni Isaias na ang mga templo ay mga espesyal na lugar kung saan tayo natututo tungkol sa Ama sa Langit at kay Jesucristo (tingnan sa 2 Nephi 12:3). Gumawa ng sarili mong templo! Itupi sa tatlo ang isang pirasong papel. Gupitin nang patatsulok ang isang dulo. Iladlad ang papel at idrowing ang sarili mo sa gitna.

**Para sa mas maliliit na bata:** Sama-samang tingnan ang larawan ng isang templo. Pag-usapan kung paano ninyo madarama ang pagmamahal sa bahay ng Diyos gaya ng sa sarili ninyong tahanan.

Marso 4–10

### Pag-awit ng mga Patotoo

PARA SA 2 NEPHI 20–25

Ibinahagi ni Isaias ang kanyang patotoo tungkol kay Jesucristo. Sinabi niya na si Jesus ang kanyang lakas at kanyang awit (tingnan sa 2 Nephi 22:2). Anong mga awitin tungkol kay Jesus ang gusto mo? Sabihin kung bakit gustung-gusto mo ang mga ito. Pagkatapos ay sama-sama ninyong kantahin ang mga ito!

**Para sa mas maliliit na bata:** Sama-samang kantahin ang "Ang mga K'wento kay Jesus" (*Aklat ng mga Awit Pambata*, 36). Ipataas sa iyong anak ang isang larawan ni Jesus sa tuwing babanggitin Siya sa awitin.





Marso 11–17

### Taludtod sa Taludtod na Oras ng Pagkukuwento

PARA SA 2 NEPHI 26–30

Tinutulungan tayo ng Ama sa Langit na matuto nang "taludtod sa taludtod," o nang paunti-unti (2 Nephi 28:30). Magkakasama, isalaysay ang isang paboritong kuwento sa banal na kasulatan sa paisa-isang linya! Maghalinhinan ang lahat sa pagsasabi ng isang pangungusap sa kuwento hanggang sa matapos ang kuwento.

**Para sa mas maliliit na bata:** Tinutulungan tayo ng Ama sa Langit na malaman ang tungkol kay Jesucristo. Buklatin sa pahina 48 at maghalinhinan sa pagkukulay sa mga bahagi ng larawan nang paisa-isa.

MGA LARAWANG-GUHIT NI KATY DOCKRILL

Marso 18–24

### Mga Hakbang sa Pagsunod kay Jesus

PARA SA 2 NEPHI 31–33

Itinuro ni Nephi na sinusunod natin si Jesucristo kapag tayo ay sumasampalataya sa Kanya, nagsisisi, nabinyagan, tumatanggap ng kaloob na Espiritu Santo, at nananatiling tapat hanggang wakas (tingnan sa 2 Nephi 31). Isulat ang bawat hakbang sa ibang piraso ng papel, pagkatapos ay ikalat ang mga ito sa sahig. Pipikit ang isang tao at bibilang hanggang 10 habang nakatuntong ang lahat ng iba pa sa isang papel. Pagkatapos ay sasabihin ng taong bumilang ang isa sa mga hakbang sa pagsunod kay Jesus. Ang taong nakatuntong sa papel na iyon ang susunod na magbibilang.

**Para sa mas maliliit na bata:** Kapag may pananampalataya tayo kay Jesucristo, susundin natin ang Kanyang sinasabi. Bumuo ng isang pila at lumakad sa paligid. Ang taong nasa harapan ang lider. Gagayahin ng bawat tao ang paglakad ng lider. Maghalinhinan sa pagiging lider.





Marso 25–31

### Mga Easter Lily

PARA SA PASKO NG PAGKABUHAY

Dahil kay Jesucristo, mabubuhay tayong muli pagkatapos nating mamatay (tingnan sa Alma 40:22–25). Gawin ang Easter lilies craft sa pahina 17. Ilagay ang inyong mga lily kung saan makikita ng inyong pamilya ang mga iyon para tulungan kayong maalala ang Tagapagligtas sa linggong ito.

**Para sa mas maliliit na bata:** Magbasa tungkol sa Pasko ng Pagkabuhay sa pahina 46. Ipaturo sa iyong mga anak ang bawat larawan ni Jesus habang nagbabasa ka.